# 8

# ARALING PANLIPUNAN

## 3 - Markahan , Linggo 1 - 4



**SCHOOLS DIVISION `OF DINAGAT ISLAND**

PAG-AARI NG PAMAHALAAN
HINDI IPINAGBIBILI

**Araling Panlipunan 8**
**Ikatlong Kwarter – Mga Gawain sa Pagkatuto**
**Unang Set**
**Unang Edisyon, 2020**

**Republic Act 8293**, **section 176** states that: No copyright shall subsist in any work of the Government of the Philippines. However, prior approval of the government agency or office wherein the work is created shall be necessary for exploitation of such work for profit. Such agency or office may, among other things, impose as a condition the payment of royalties.

Borrowed materials (i.e., songs, stories, poems, pictures, photos, brand names, trademarks, etc.) included in this book are owned by their respective copyright holders. Every effort has been exerted to locate and seek permission to use these materials from their respective copyright owners. The publisher and authors do not represent nor claim ownership over them.

Published by Schools Division of Dinagat Islands

**Development Team of the Learning Activity Sheets**

**Writers:** Mariza C. Babayson
Erwin M. Tubat
Kaymielyn B. Vender
**Editor:** Christopher D. Balatero
Merlinda T. Japay
Prescilla P. Capisnon
Rhey G. Eder
**Reviewers:**
**Layout Artist:** Jubell Cababat
Jay S. Mateo
Kevin L. Madera
**Management Team:**

| | |
|---|---|
| Schools Division Superintendent | FELISA G. LARANJO, PhD, CESO VI |
| OIC, Assistant Schools Division Superintendent | LEONEVEE V. SILVOSA, PhD |
| Chief Education Supervisor, SGOD | MILA O. GERALDINO, PhD |
| Chief Education Supervisor, CID | LOPE C. PAPELERAS, PhD |
| Education Program Supervisor, Aral.Pan. | JUAN JR L. ESPINA |
| Education Program Supervisor, LRMS | MICHAEL C. PASO, PhD |
| Project Development Officer II | |
| SDO Librarian II | NARMIE S. NAVAS |

**Printed in the Philippines by ______________________________**

Department of Education – Learning Resource Management Section
Office Address: White Beach, Dinagat, Dinagat Islands
E-mail Address: sample@gmail.com,
lrms.dinagatislands.caraga@deped.gov.ph
Telephone no.: #

| | |
|---|---|
| **Linggo 1** | **Nasusuri ang mahahalagang pagbabagong politikal, ekonomiko at sosyo-kultural sa panahon ng Renaissance** |

**Pagalan:** ________________________________ **Pangkat:** ___________________

## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa **ika-8** baitang upang iyong masusuri ang mahahalagang pagbabagong politikal, ekonomiko at sosyo-kultural sa panahon ng Renaissance.

Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mauunawaan mo ang mga transpormasyong nagaganap sa pag-usbong ng Makabagong Daigdig tungo sa pagbuo ng Pandaigdigang Kamalayan.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto na ito ay naglalaman tungkol sa:

Aralin 1: **Paglakas Ng Europe**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, inaasahang matutuhan ng mag-aaral ang mga sumusunod:

1. nailalarawan ang konsepto ng bourgeoisie, merkantilismo, national monarchy, renaissance, simbahang Katoliko at mga pangyayari sa repormasyon;
2. nasusuri ang mahahalagang pagbabagong politikal, ekonomiko at sosyo-kultural sa panahon ng Renaissance; at
3. napahahalagahan ang kontribusyon sa daigdig ng bourgeoisie, merkantilismo, national monarchy, renaissance, simbahang katoliko at repormasyon.



# *Paunang Pagtataya*

**PANUTO:** Hanapin sa puzzle box at bilugan ang mga terminong tinutukoy sa bawat kahon sa kasunod na pahina. Gamitin ang una at huling titik ng salita bilang gabay sa paghahanap ng bawat salita.

| | | | | | | | | | | | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| **A** | **L** | **A** | **M** | **E** | **R** | **K** | **A** | **N** | **T** | **I** | **L** | **I** | **S** | **M** | **O** |
| **D** | **I** | **M** | **B** | **S** | **E** | **T** | **N** | **A** | **T** | **S** | **E** | **T** | **O** | **R** | **P** |
| **V** | **S** | **I** | **O** | **L** | **P** | **R** | **O** | **T** | **S** | **E** | **T** | **O** | **R** | **P** | **R** |
| **C** | **O** | **K** | **A** | **T** | **O** | **L** | **I** | **K** | **O** | **W** | **H** | **P** | **S** | **E** | **I** |
| **E** | **M** | **D** | **K** | **E** | **R** | **A** | **L** | **S** | **E** | **A** | **R** | **L** | **K** | **E** | **S** |
| **T** | **S** | **K** | **U** | **Y** | **M** | **T** | **T** | **A** | **P** | **T** | **K** | **N** | **G** | **P** | **R** |
| **N** | **I** | **R** | **S** | **F** | **A** | **G** | **U** | **M** | **O** | **Y** | **A** | **S** | **O** | **O** | **U** |
| **M** | **N** | **L** | **W** | **C** | **S** | **B** | **S** | **N** | **R** | **B** | **N** | **C** | **T** | **R** | **K** |
| **P** | **A** | **T** | **P** | **L** | **Y** | **A** | **S** | **H** | **R** | **E** | **O** | **P** | **Y** | **U** | **G** |
| **E** | **M** | **Y** | **M** | **B** | **O** | **U** | **R** | **G** | **E** | **O** | **I** | **S** | **I** | **E** | **A** |
| **R** | **U** | **L** | **R** | **E** | **N** | **A** | **I** | **S** | **S** | **A** | **N** | **C** | **E** | **S** | **P** |
| **Y** | **H** | **C** | **R** | **A** | **N** | **O** | **M** | **L** | **A** | **N** | **O** | **I** | **T** | **A** | **N** |

1. **B**____________**R** |Nagmamay-ari o namamahala ng bangko
2. **B**____________**E** |Panggitnang uri ng mamamayan sa Europe
3. **E**____________**E** |Pangalawa sa pinakamaliliit na kontinente ng daigdig
4. **H**___________ **O** |Isang kilusang kultural na nakatuon sa panunumbalik at pagbibigay-halaga sa kulturang klasikal ng Griyego at Romano
5. **K**___________ **O** |Nangangahulugang "universal"
6. **M**___________**O** |Sistemang ekonomiko na nakabatay sa konseptong ang yaman ng bansa ay nasa dami ng kanyang ginto at pilak
7. **N**___________ **L** |Dahil sa pagkatatag nito, muling lumakas ang kapangyarihan ng
   **M**___________**Y** |hari
8. **P**____________**E** |Mga tumutol o sumalungat sa turo ng Simbahang Katoliko
9. **R**___________ **E** |Nangangahulugan itong "muling pagsilang"
10. **R**__________ **N** |Krisis sa relihiyon kung saan ang mga ibang bansang Katoliko ay yumakap sa ibang relihiyon



# *Pag-aralan*

## ARALIN 1: PAGLAKAS NG EUROPE

Nagmumula sa Europe ang pinakamayayamang mga bansa sa daigdig. Malaki ang bahaging ginampanan nila upang mapanatili ang katayuan ng Europe bilang isa sa pinakamauunlad na kontinente sa daigdig. Alamin kung kailan nagsimula ang paglakas ng mga mangangalakal na malaki ang naging bahagi sa paglakas ng Europe sa bahaging ito ng kasaysayan.

**PAG-USBONG NG BOURGEOISIE**







Ang terminong ***bourgeoisie*** ay iniuugnay sa mga mamamayan ng mga bayan sa medieval France na binubuo ng mga artisan (mga manggagawang may kasanayan sa paggawa ng mga kagamitang maaaring may partikular na gamit o pandekorasyon lamang) at mangangalakal. Ang daigdig nila ay hindi ang manor o simbahan kundi ang pamilihan. Ang kanilang yaman ay hindi nanggagaling sa lupa kundi sa industriya at kalakalan. Sila ay naninirahan sa mga nabuong pamayanang hindi nakadepende sa sistemang piyudal at binanayaran sila sa kanilang paggawa.

Sa huling bahagi ng ika-17 siglo, naging makapangyarihang puwersa ang Bourgeoisie sa Europe. Binubuo sila ng mga *mangangalakal*, *banker*, mga *shipower*, mga *pangunahing mamumuhunan* at mga *negosyante*. Ang kapangyarihan ng bourgeoisie ay pang-ekonomiya lamang Nagkaroon lamang ng politikal na kapangyarihan ang mga bourgeoisie pagdating ng ika-19 na siglo.

**MERKANTILISMO**





Ang ***merkantilismo*** ay isang sistema na ang pangunahing mga layunin ay politikal. Nabuo ito upang itaguyod ang kaunlarang pang-ekonomiya at kapangyarihang politikal ng isang bansa. Layunin nito ang pagkakaroon ng malaking kita na nagbibigay-daan upang ang hari ay makapagpagawa ng mga barko, mapondohan ang kaniyang hukbo, at magkaroon ng pamahalaang katatakutan at irerespetuhin ng buong daigdig.

Ang doktrinang ***bullionism*** ay sentral sa teorya ng merkantilismo. Sa ilalim ng doktrinang ito, ang tagumpay ng isang bansa ay masusukat sa dami ng mahahalagang metal sa loob ng hangganan nito. Ibig sabihin kung mas maraming ginto at pilak ang makukuha ng isang bansa mas maraming pera ang malilikom nito bilang buwis. Nangangahulugan ito na mas magiging mayaman at makapangyarihan ang naturang bansa.

Isang elemento ng merkantilismo na nakatulong sa pagkabuo at paglakas ng mga nation-state ay ang tinatawag na ***nasyonalismong ekonomiko***. Ibig sabihin nito, kayang tustusan ng isang bansa ang sarili nitong pangangailangan. Sa pamamagitan ng pagtataas sa dami ng iniluluwas na produkto, hindi na aasa ang bansa sa mga produktong dayuhan.

**PAGTATATAG NG NATIONAL MONARCHY**



Malaki ang naitulong ng pagtatatag ng national monarchy sa paglakas ng Europe. Matatandaan na sa panahon ng piyudalismo, walang sentralisadong pamahalaan. Mahina ang kapangyarihan ng hari. Ang naghahari ay ang mga ***noble*** na sila ring mga panginoong may lupa.

Subalit nabago ang katayuan ng monarkiya sa tulong ng mga bourgeoisie. Ang hari na dating mahina ang kapangyarihan ay unti-unting namayagpag sa pamamagitan ng pagpapalawak ng teritoryo at pagbubuo ng matatag na sentralisadong pamahalaan. Humirang siya ng mga mamamayang nagpatupad ng batas at nagsagawa ng paglilitis at pagpaparusa sa korte ng palasyo. Bilang resulta, ang katapatan ng mamamayan ay lumipat mula sa panginoong maylupa tungo sa pamahalaan na may kakayahang protektahan sila. Handa silang magbayad ng buwis para sa proteksiyong ito.

Sa pamamagitan ng buwis, nagkaroon ng pondo ang hari upang magbayad ng mga sundalo. Dahil ang katapatan ng mga sundalo ay nasa hari, maaari silang gamitin ng hari laban sa mga knight ng panginoong maylupa kung kinakailangan. Bukod dito, maaari nang humirang ang hari ng mga edukadong mamamayan bilang kolektor ng buwis, hukom, sekretarya, at administrador.

**PAG-USBONG NG MGA *NATION-STATE***

Sa pagbabago sa konsepto ng monarkiya. naitatag na rin ang mga batayan ng mga nation-state sa Europe. Ang ***nation-state*** ay tumutukoy sa isang estado na pinananahanan ng mga

mamamayan na may magkakatulad na wika, kultura, relihiyon, at kasaysayan. Bukod sa pagiging nasyon, isa rin silang estado sapagkat nananahan sila sa isang tiyak na teritoryo at may pamahalaan silang may soberanidad o kasarinlan.

Mahalagang katangian ng nation state ay ang pakakaroon ng sentralisadong pamahalaan sa ilalim ng isang pambansang monarkiya na may kakayahan at kapangyarihan ng magpatupad ng batas sa buong nasasakupan. Bumuo sila ng isang hukbo ng mga propesyunal na sundalo na ang tungkulin ay ang palawigin ang teritoryo at kapangyarihan ng monarkiya kahit mangahulugan ito ng digmaan. Nagsimula rin ang institusyon ng burukrasya sa mga opisyal o kawani para patakbuhin ang pamahalaan at pangasiwaan ang pangongolekta ng buwis, pagpapatupad ng batas, at pagkakaloob ng hustisya.

Dahil sa makapangyarihan ang mga nation-state, nagpakita ng ibayong lakas ang Europe. Nabuo sa Europe ang mga bagong institusyong pampolitika, panlipunan, at pang-ekonomiya na nagbigay-daan sa pagpapalawak ng impluwensiya nito. Naganap ito sa panghihimasok at pananakop ng mga Europeong- nation- state sa Asya, Amerika, at nang kalaunan, sa Africa.

**PAGLAKAS NG SIMBAHAN AT PAPEL NITO SA PAGLAKAS NG EUROPE**

Ang simbahan ang pinakamakapangyarihang institusyon sa panahon ng *Middle Ages*. Malawak ang lupang pag-aari nito. Ito ang nagtakda sa Europe ng pamantayan ng pag-uugali at moralidad. Ito rin ang namahala sa edukasyon. Maging ang mga hari ay kaya niyang utusan o pasunurin. Dahil sa kapangyarihan ng Simbahan, mahalaga ang naging papel nito sa paglakas ng Europe.Sa pangunguna ng Simbahan, nabuo ang imahen ng Europe bilang isang malawak na kabuuang Kristiyano, ang ***Republica Christiana*** na pinamumunuan ng mga hari sa patnubay ng Papa.

**PAG-USBONG NG RENAISSANCE**

Noong ika-11 hanggang ika-12 siglo, umunlad ang hilagang Italy bilang sentrong pangkalakalan at pananalapi sa Europe. Monopolisado rin nitoang kalakalan sa pagitan ng Asya at Europe. Ilan sa mga lungsod-estadong umusbong ay ang Milan, Florence, Venice, Mantua, Ferrara, Padua, Bologna, at Genoa. Ang yaman ng mga lungsod-estado na ito ay hindi nakasalalay sa lupa kundi sa kalakalan at industriya. Sa pagtatapos ng Middle Ages sa huling bahagi ng ika-14 na siglo, isinilang ang Renaissance. Ang renaissance ay nangangahulugang “muling pagsilang” o rebirth. Maaari itong ilarawan sa dalawang paraan. Una, bilang kilusang kultural o intelektuwal na nagtatangkang ibalik ang kagandahan ng sinaunang kulturang Greek at Roman sa pamamagitan ng pag-aaral sa panitikan at kultura ng mga nasabing sibilisasyon. Ikalawa, bilang panahon ng transisyon mula sa Middle Ages tungo sa Modern Period o Modernong Panahon.

**ANG MGA HUMANISTA**

Ang mga iskolar na nanguna sa pag-aaral sa klasikal na sibilisasyon ng Greece at Rome ay tinawag na ***humanist*** o humanista, mula sa salitang Italian na nangangahulugang “guro ng humanidades, partikular ng wikang Latin.” Pinag-aaralan sa Humanities o Humanidades ang wikang Latin at Greek, Komposisyon, Retorika, Kasaysayan, at Pilosopiya, at maging ang

Matematika at Musika. Ang humanismo ay isang kilusang intelektuwal noong Renaissance na naniniwalang dapat pagtuunan ng pansin ang klasikal na sibilisasyon ng Greece at Rome sa pag-aaral dahil naglalaman ito ng lahat ng aral na dapat matutuhan upang magkaroon ng isang moral at epektibong buhay.

## MGA AMBAG NG RENAISSANCE SA IBA'T IBANG LARANGAN

### Sa Larangan ng Sining at Panitikan



***Francesco Petrarch (1304-1374).*** Ang "Ama ng Humanismo". Pinakamahalagang sinulat niya sa Italyano ang "**Songbook,"** isang koleksiyon ng mga sonata ng pag-ibig sa pinakakamahal niyang si Laura.



***Goivanni Boccacio (1313-1375).*** Matalik na kaibigan ni Petrarch. Ang kaniyang pinakamahusay na panitikang piyesa ay ang "**Decameron**", isang tanyag na koleksyon na nagtataglay ng isandaang (100) nakatatawang salaysay.



***William Shakespeare (1564-1616)*** Ang "Makata ng mga Makata." Naging tanyag na manunulat sa Ginintuang Panahon ng England sa pamumuno ni Reyna Elizabeth I. Ilan sa mga sinulat niya ang mga walang kamatayang dula gaya ng: Julius Caesar, Romeo and Juliet, Hamlet, Anthony and Cleopatra and Scarlet.



***Desiderious Erasmus (c.1466-1536). "***Prinsipe ng mga Humanista." May-akda ng "***In Praise of Folly*"** kung saan tinuligsa niya ang hindi mabuting gawa ng mga pari at mga karaniwang tao



***Nicollo Machievelli (1469-1527).*** Isang diplomatikong manunulat na taga Florence, Italia. May-akda ng "**The Prince."** Napapaloob sa aklat na ito ang dalawang prinsipyo: "Ang layunin ay nagbibigay matuwid sa pamamaraan."
"Wasto ang nilikha ng lakas."



***Miguel de Cervantes (1547-1616)***. Sa larangan ng panitikan, isinulat niya ang nobelang "Don Quixote de la Mancha," aklat na kumukutya at ginagawang katawa-tawa sa kasaysayan ang kabayanihan ng mga kabalyero noong Medieval Period.



***Michelangelo Bounarotti* (1475-1564).** Ang pinakasikat na iskultor ng Renaissance, ang una niyang obra maestra ay ang estatwa ni David. Sa paanyaya ni Papa Julius II ipininta niya sa Sistine Chapel ng Katedral ng Batikano ang kuwento sa Banal na Kasulatan tungkol sa pinagmulan ng sandaigdaigan hanggang sa pagbaha. Pinakamaganda at pinakabantog niyang likha ang La Pieta, isang estatwa ni Kristo pagkatapos ng Kaniyang Krusipiksyon.

### Sa Larangan ng Pinta

| | |
|---|---|
|  | ***Leonardo da Vinci* (1452-1519).** Ang hindi makakalimutang obra maestra niyang "Huling Hapunan" (*The Last Supper*), na nagpakita ng huling hapunan ni Kristo kasama ang Kaniyang labindalawang disipulo. Isang henyong maraming nalalaman sa iba't ibang larangan. Hindi lang siya kilalang pintor, kundi isa ring arkitekto, iskultor, inhinyero, imbentor, siyentista, musikero at pilosoper. |

| | |
|---|---|
|  | ***Raphael Santi* (1483-1520).** "Ganap na Pintor", "Perpektong Pintor". Pinakamahusay na pintor ng Renaissance. Kilala sa pagkakatugma at balanse o proporsiyon ng kanyang mga likha. Ilan sa kaniyang tanyag na gawa ang Obra Maestrang "Sistine Madonna", "Madonna and the Child" at "Alba Madonna." |

### Agham sa Panahon ng Renaissance

| | |
|---|---|
|  | ***Nicolas Copernicus* (1473-1543)**. Inilahad ni Nicolas ang Teoryang Heliocentric; "Sa pag-ikot ng daigdig sa aksis nito, kasabay ng ibang planeta, umiikot ito sa paligid ng araw." Pinasungalingan ng teoryang ito ang tradisyonal na pag-iisip na ang mundo ang sentro ng sansinukob, na matagal ding tinangkilik ng simbahan. |

| | |
|---|---|
|  | ***Galileo Galilei* (1564-1642).** Isang astronomo at matematiko, noong 1610. Malaki ang naitulong ng kaniyang na imbentong teleskopyo para mapatotohanan ang Teoryang Copernican. |

| | |
|---|---|
|  | ***Sir Isaac Newton* (1642-1727).** Ang higante ng siyentipikong Renaissance. Sang-ayon sa kaniyang "Batas ng *Universal Gravitation*," ang bawat planeta ay may kaniya-kaniyang lakas ng grabitasyon at siyang dahilan kung bakit nasa wastong lugar ang kanilang pag-inog. |

### ANG KABABAIHAN SA RENAISSANCE

Sa panahon ng Renaissance, iilang kababaihan lamang ang tinanggap sa mga unibersidad o pinayagang magsanay ng kanilang propesyon sa Italy. Gayunpaman, hindi ito naging hadlang upang makilala ang ilang kababaihan at ang kanilang ambag sa Renaissance.

| | |
|---|---|
|  | ***Isotta Nogarola*** - may akda ng *Dialogue on Adam and Eve* (1451) at *Oration on the Life of St. Jerome* (1453) na kakikitaan ng kaniyang kahusayan sa pag-unawa sa mga isyung teolohikal. |

| | |
|---|---|
|  | ***Laura Cereta-*** isinulong ang isang makabuluhang pagtatanggol sa pag-aaral na humanistiko para sa kababaihan |

| | | |
|---|---|---|
|  |  | ***Veronica Franco at Vittoria Colonna*** -mahahalagang personalidad ng Renaissance sa pagsulat ng tula, |

**ANG REPORMASYON**

| | |
|---|---|
|  | **Martin Luther, Ama ng Protestanteng Paghihimagsik -** ipinanganak noong Nobyembre 10, 1483, sa Eisleben Germany. Ang kaniyang ama, si Hans Luther ay isang magsasaka na naging minero ng tanso, samantalang ang ina niyang si Margareth Linderman ay mula sa isang pamilyang kabilang sa gitnang uri. |

Ang gawain ng simbahan sa pagbenta ng indulhensiya (kapirasong papel na nagsasaad at nagpalabas na ang grasya ng Diyos ay maaaring ipagbili at bilhin para sa kapatawaran at kaligtasan ng tao) ang nagtulak kay Martin Luther para ipaskil sa pintuan ng simbahan, noong ika-31 ng Oktubre, 1517 ang kaniyang "Siyamnapu't limang Proposisyon" (*Ninety-five theses*).

Kumalat sa iba't ibang bayan ng Alemanya ang kapangyarihan ni Luther. Noong taong 1529, nagbigay ang mga sumusuportang estado at bayang Aleman ng isang "***protestasyon***" sa emperador ng Banal na Imperyong Romano na nananawagan sa pagwawakas sa paghihimagsik ng simbahan. Pagkatapos ng ilang taong alitan ng Protestante at Katoliko Romano na hanggang humantong sa digmaan, tinapos ni Charles V ang panrelihiyong digmaan sa pamamagitan ng paglagda sa ***"Kapayapaang Augsburg"*** noong 1555. Nasasaad sa kasunduan na kilalanin ang kapangyarihan ng mga hari o namumuno na malayang pumili ng relihiyon ang kanilang nasasakupan.

**KONTRA-REPORMASYON**

Bago nagsimula ang Repormasyong Protestante, nagsikap ang mga pinunong Katoliko na maituwid ang mga maling pamamaraan ng Simbahan sa pangunguna ni Papa Gregory VII (1037-1085). Upang harapin ang hamon ng Protestantismo, itinatag ang kilusang Catholic Reformation or Counter Reformation ng konseho ng Trent, Inquisition at ng samahan ng mga Heswita (Society of Jesus).

Nagtagumpay ang mga ***Heswita*** sa pagbawi sa Bohemia, Poland at Germany para sa Simbahang Katoliko. Sila ang naging makapangyarihang lakas ng Katolisismo sa kanlurang Europe. Nagtatag sila ng mga paaralan at naging dalubhasa bilang mga guro. Sa panahon nina Haring Ferdinand at Reyna Isabella ipinatupad ang ***Inquisition*** laban sa mga erehe at Hudyo at nakidigma sa mga Muslim ng Granada. Maging ang Simbahan ay sumailalim sa trono ng hari at reyna.

**EPEKTO AT KAHALAGAHAN NG REPORMASYON**

Malaki ang pagbabagong naganap sa Simbahang Katoliko noong ika-14 hanggang 17 dantaon. Naging tanyag ang pangalang ***Martin Luther*** bilang ***"Ama ng Himagsikang Protestante"*** na siyang namuno sa paglaban sa mga depekto ng simbahan. Ang kanilang layunin ay hindi upang sirain ang Simbahang Katoliko kundi upang maging bukas ang simbahan sa mga pagbabago o reporma. Marami ang humiwalay sa Simbahang Katoliko at nagtatag ng mga sekta ng Protestante tulad ng Calvinism, Lutheranism, Methodist, Anglican, Presbyterian at iba.

Hindi nagustuhan ng Papa at ng mga kawani ng simbahan ang pagtatagumpay ni Luther kaya't tinapatan nila ito ng ***Council of Trent***, ***Inquisition***, at ***Society of Jesus*** na naglalayong pagbutihin ang pananampalatayang Katoliko. Ang walang tigil na iringan sa pagitan ng Simbahang Katoliko at Protestante ay nagresulta ng pagkaroon ng dibisyong panrelihiyon sa Europe kung saan ang hilaga ay naging Protestante at ang timog naman ay nanatiling Katoliko

## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1.** ***Kilalanin Mo!***

**PANUTO:** Suriin ang sumusunod na mga larawan. Kilalanin ang bawat nakalarawan at isulat sa patlang ang tungkulin o gawain ng bawat isa.

**1**.



**2.**





**3.**




**4.**



5. 


**Gawain 2.** ***Hagdan ng Pag-unawa!***

**PANUTO**: Sa tulong ng *Ladder Diagram*, ipasulat sa mga mag-aaral ang mga pangyayari sa pagtatatag ng *National Monarchy*. Gamitin ang teksto sa aralin upang makakuha ng mga impormasyon.



**Gawain 3.** ***Pamana Ko, Alamin Mo!***

**PANUTO:** Mula sa binasang teksto tungkol sa Renaissance, buuin ang talahanayan ng mga ambag ng Greece sa iba't ibang larangan.




| Larangan/ Nangunguna | Ambag sa kabihasnan |
|---|---|
| | |




## *Paglalahat / Repleksyon*

**Gawain 4:**

**PANUTO:** Sa tulong ng mga kaalamang natutuhan sa teksto, kumpletuhin ang pangungusap hinggil sa Renaissance at sa mga naging pamana nito sa ating kabihasnan.

Ang Renaissance ay ______________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________
______________________________________________________________________



## *Panapos na Pagtataya*

**PANUTO:** Piliin at bilugan ang titik ng tamang sagot.

1. Alin sa mga sumusunod iniuugnay ang terminong *bourgeoisie* na bumubuo sa mga mamamayan ng mga bayan sa Medieval France?

   A. Mga Pari  
   B. Mga Maharlika  
   C. Mangangalakal at artisan  
   D. Mga alipin at bilanggo

2. Sino ang pilosopong Ingles na nagpanukala na ang kaalaman ng isang tao ay nagmumula sa ka ranasan? Binibigyang diin niya na ang kaisipan ng tao ay maitutulad sa "*tabula rasa*" o *blank slate*.

   A. John Locke  
   B. John Adams  
   C. Rene Descartes  
   D. Jean- Jacques Rousseau

3. Sa ika-15 na siglo, ang Europe ay nahati sa mga *nation-state* na nagpaligsahan sa kapangyarihan. Nagbunga ang paligsahang ito ng pagpapalawak ng kani-kanilang mga *nation-state*. Alin sa sumusunod na bansa ang nanguna sa pagtuklas ng mga lupain?

   A. Spain  
   B. England  
   C. Portugal  
   D. Netherlands

4. Lahat ng nasa ibaba ay katangian ng *bourgeoisie* noong Gitnang Panahon **maliban** sa anong aytem?

   A. Tinagurian silang *middle class* o panggitnang uri.  
   B. Mayayaman at kabilang sila sa uring nobilidad at kaparian.  
   C. Nagmula sila sa mga banker at mangangalakal sa mga bayan at lungsod.  
   D. Nagamit ang kanilang propesyon at panulat sa pagbubunsod ng rebolusyong pampolitika at pang-ekonomiya.

5. Paano nakamtan ang kapangyarihang politikal ng mga *bourgeoisie* pagdating ng ika-19 na siglo lalo na ang karapatang panrelihiyon at sibil?

A. Sa pamamagitan ng pagtataguyod ng liberalismo.
B. Ang pakikialam ng hari sa personal na kalayaan.
C. Ang palayain ang sarili mula sa anino ng piyudalismo.
D. Sa pamamgitan ng pagdulog sa korte ng kanilang mga karapatan.

6. Alin ang pinakawastong kahulugan ng renaissance?

A. Panibagong kaalaman sa agham.
B. Muling pagsikat ng kulturang Helenistiko.
C. Panibagong kaalamang panrelihiyon sa Europe.
D. Muling pagsilang ng kaalamang Griyego-Romano.

7. Bakit itinuturing na batik ng kasaysayan ng Simbahang Katoliko ang Inquisition?

A. Nagkaroon ng maraming kaaway ang Simbahang Katoliko.
B. Nasugpo nito ang mga salungat sa alituntunin ng Katolisismo.
C. Napigilan nito ang paglaganap ng Protestant Reformation sa timog Europe.
D.Ang mga kalupitang ginawa ng Inquisition ay humantong sa maraming kamatayan ng walang sala.

8. Ano ang kontribusyon ng sistemang merkantilismo sa Europe?

A. Bumagal ang kalakalan dahil sa sistemang merkantilismo.
B. Napabilis ang kalakalan dahil sa sistemang merkantilismo.
C. Naging batayan ito ng kapangyarihan ng mga bansa sa Europe.
D. Sa tulong ng sistemang ito, natustusan ng mga bansa ang kanilang pangangailangan.

9. Alin ang tamang pagkakasunod-sunod ng mga pangyayari?

I. Schism sa Simbahang Katoliko
II. Pagtawag ni Pope Paul III sa Council of Trent
III. Pagpaskil ni Martin Luther ng Ninety-Five Theses sa pinto ng Wittenberg Church

A. I – II – III
C. III – I – II
B. II – I – III
D. I – III - II

10. Alin sa sumusunod na mga pangungusap ang kumakatawan sa pahayag na *"The end justifies the means?"*

A. Ang pamamaraan ng pinuno ay mahalaga sa moralidad ng nasasakupan
B, Ang mabuting pinuno ay nagpapakita ng mabuting pamamaraan ng pamamahala
C. Ano pa man ang pamamaraan ng pinuno basta mabuti ito ay palaging may mabuting bunga.
D. Anuman ang pamamaraan ng pinuno ay katanggap-tanggap kung mabuti ang kaniyang hangarin

## *Susi sa Pagwawasto*

| ***Paunang Pagtataya*** | |
|---|---|
| 1. BANKER | 6. MERKANTILISMO |
| 2. BOURGEOISIE | 7. NATIONAL MONARCHY |
| 3. EUROPE | 8. PROTESTANTE |
| 4. HUMANISMO | 9. RENAISSANCE |
| 5. KATOLIKO | 10. REPORMASYON |

| **Panapos na Pagtataya** | |
|---|---|
| 1. C | 6. D |
| 2. A | 7. A |
| 3. C | 8. C |
| 4. B | 9. D |
| 5. A | 10. C |

## *Sanggunian*

Vivar, Teofista L. et. al, 2000, Kasaysayan ng Daigdig, SD Publications, Inc., G. Araneta Avenue 1107 Quezon City, Philippines.

Blando, R.C., Mercado, M.M., Cruz, A.M., Espiritu, A.C., et.al. Araling Panlipunan 8-Kagamitan ng Mag-aaral. Pasig City, Philippines: Department of Education, 2013.

| Week 2 - 3 | Mga Dahilan, Pangyayari, at Epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalismo |
|---|---|

Pangalan:________________________________Pangkat:__________________________



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa **ika-8** baitang upang iyong mauunawaan ang mga dahilan, pangyayari at epekto ng unang yugto ng kolonyalismo.

Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mauunawaan mo ang mga pangyayari sa kasaysayan ng daigdig sa klasikal at transisyunal na panahon.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto na ito ay naglalaman tungkol sa:

Aralin: **Mga Dahilan, Pangyayari, at Epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalismo**

Pagkatapos ng mga gawaing ito, inaasahang matutuhan ng mag-aaral ang mga sumusunod:

1. Nakapagtatalakay sa mga dahilan, pangyayari ng Unang Yugto ng Kolonyalismo;
2. Nakapagbibigay ng mga epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalismo; at
3. Nakapagsisiyasat sa Yugto ng Kolonyalismo.
4. Nakapagsusuri ng mga dahilan, pangyayari, at epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalismo;
5. Nakapagbibigay ng iba’t-ibang epekto ng kolonyalismo; at
6. Nakapaghahambing sa panahon ngayon at Unang Yugto ng Kolonyalismo.



# *Paunang Pagtataya*

**Panuto:** Isaayos ang mga titik ng salita o mga salita upang mabuo at maging angkop sa tamang sagot na tinutukoy ng pahayag sa bawat bilang. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

1. P U A O R E - Tatlong siglo pagkaraan ng Gitnang Panahon, ang lipunan, politika, at kaisipan sa ____________ ay nagkaroon ng maraming pagbabago.
2. A Y A S - Bago pa man maganap ang Renaissance, nagaganap na ang kalakalan sa pagitan ng Europa at _______________.
3. N A M A Y - Mula noon nagkaroon na ng interes ang mga Europeo sa _____________ ng Silangan.
4. A K E R D O - Ang pagnanais na maibahagi ang mayamang ___________sa kalakalan ang nagbunsod sa mga Europeo na galugarin ang mga karagatan at hanapin ang pinagmulan ng mga ito.
5. N O R Y E K P S A L S O - Ang panahon mula 1450 hanggang 1750 ay tinawag na Panahon ng _________________.
6. D A A N R I B G O - Pinangunahan ng mga _____________ na Portuges at Kastila ang paggagalugad sa mga karagatan at dahil dito nalaman ang mga ruta at bagong lupain.
7. O R Y E I T T R O - Ang kolonisasyon ay ang pagtatatag ng permanenteng _____________ (kolonya) sa mga dayuhang lupain na may malaking taglay na likas na yaman.
8. K C A L B H T A E D - Matapos ang 1400 CE, ang salot ng _____________ na nanalasa sa Europa ay napawi na.
9. I S U B W - Habang tumataas ang bilang ng populasyon at ang suplay ng pagkain ay tumataas din ang bahagi ng _____________ ay napupunta sa hari.
10. A S D A U K R - Ang ______________ na nakarating hanggang sa Silangan ay nakaganyak ng malaking pangangailangan sa mga kalakal tulad ng bulak mula sa India, at seda (silk) mula sa Tsina.



# *Pag-aralan*

## Mga Dahilan, Pangyayari, at Epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalismo

Tatlo ang itinuturing na pangunahing dahilan ng mga bansang Europe kung bakit sumidhi ang kanilang pagnanais na makapanggalugad ng mga bagong lupain sa labas ng Europa. Ang mga kadahilanang ito ay karaniwang tinatawag na 3Gs o *God, Gold,* at *Glory.* Tumutukoy ang **God** para sa kanilang kadahilanang panrelihiyon, **Gold** para sa kanilang pang-ekonomiyang kadahilanan, at **Glory** para sa kani- lang kadahilanang pampolitika.

### Pang-ekonomiyang Kadahilanan

Ito ang itinuturing na pangunahing dahilan ng mga Kanluranin sa paggagalugad. Dahil sa pag-iral ng sistemang merkantilismo sa Europa na ang batayan ng yaman at kapangyarihan ay ang dami ng ginto at pilak, nagnais ang mga Kanluranin na makahanap ng mga bagong lupaing makapagbibigay sa kanila ng mga kayamanang ito.

Naging mahalaga rin para sa mga Kanluranin ang mga pampalasa at rekado kung saan salat ang Europa. Nagmumula ang karamihan ng mga pampalasang pumapasok sa pamilihan ng Europa sa Asya kung kaya't nagnais ang mga ito na makarating sa mga lupaing pinagmulan nito. Nang maging industriyalista ang karamihan ng mga bansa sa Europa, nangangailangan din sila ng mga hilaw na mater- yales upang makabuo ng mga yaring produkto kung kaya't higit sumidhi ang kani- lang pagnanais na makapanakop ng mga bagong lupaing makapagkukunan nila ng mga hilaw na sangkap.

Noong una ay pakikipagkalakalan lamang ang layunin ng mga Kanluranin sa paggagalugad ng mga bagong lupain sa labas ng Europa. Ngunit nang lumaon, nauwi sila sa pananakop at pagtatatag ng mga kolonya sa kanilang mga bagong tuklas na lupain upang makontrol ang kalakalan at kayamanan ng mga lupaing ito.

### Pampolitikang Kadahilanan

Lumaganap ang kaisipan ng kolonyalismo at imperyalismo sa mga makapangyarihan at malakas na bansa sa Europa dahil sa pagnanais nilang higit na ma- ging makapangyarihan at pangibabawan ang buong mundo.

Ang **kolonyalismo** ay isang proseso kung saan ang isang malakas at makapangyarihang bansa ay kinokontrol ang isang mahinang bansa o lupain na karaniwan ay isinasagawa sa pamamagitan ng marahas na pananakop. Ang **imperyalismo** sa kabilang banda ay isang proseso kung saan ang pananakop ng lupain ay batay sa layuning makapagtatag ng isang malawak na imperyo. Nangangahulugan lamang ang lupaing nasakop ay ituturing na bahagi ng saklaw na teritoryo ng bansang mananakop. Malinaw ang layuning ng dalawang prosesong ito— ang kontrolin ang ekonomiya at politika ng lupaing nasakop upang makakuha ng higit na kayamanan at kapangyarihan.

### Panrelihiyong Kadahilanan

Naging kaakibat din ng pananakop ng mga Kanluranin ang kanilang pagtalima sa kautusan ng Simbahang Katoliko---ang ipalaganap ang Kristiyanismo. Gayon pa man, kasabay ng pagpapalaganap ng mga Kanluranin ng Kristiyanismo ay ipinalalaganap din ng mga Muslim ang kanilang relihiyon sa iba't ibang panig ng mundo.

Naging madali para sa mga Kanluranin na mapasunod ang mga katutubo sapagkat ginamit nila ang relihiyon upang mapahupa ang panlalaban ng mga katutubo. Sa pamamagitan ng pagtuturo ng mga doktrina ng Kristiyanismo, maraming katutubo ang tumalikod sa kanilang paniniwalang katutubo at yumakap sa mas organisadong Kristiyanismo.

**Mga Mahahalagang Pangyayari sa Panahon ng Eksplorasyon**

**Ang Paglalakbay ni Marco Polo-** Isang manlalakbay na taga-Venice, Italy si Marco Polo na nagtungo sa China noong 1254 kasama ang kaniyang ama at tiyuhin na pawang mga mangangalakal. Nilakbay nila ang China nang apat na taon simula 1271 hanggang 1275. Sa panahong ito, ang China ay nasasakop ng mga dayuhang Mongol sa pamumuno ni Khublai Khan ng Dinastiyang Yuan. Masugid na tinanggap ng emperador ang mga dayuhan sa kanilang bansa at naging katulong pa nito si Marco Polo sa pamamalakad sa kaniyang pamunuan. Matapos ang 20 taong pamamalagi sa Silangan, bumalik si Marco Polo sa Venice dala-dala ang mga alahas, rekado, at magagandang seda mula sa China na ipinagkaloob sa kaniya ng emperador. Ngunit nagkaroon ng digmaan sa pagitan ng Venice at Genoa kung kaya't nagawa ng mga kaaway na bihagin at ikulong si Marco Polo. Sa bilangguan, nakilala niya ang isang manunulat na si Rustichello da Pisa. Naging magkaibigan ang dalawa hanggang maikwento ni Marco Polo ang kaniyang mga naging karanasan sa China. Dito nabuo ang aklat ni Marco Polo na pinamagatang *The Travels of Marco Polo* na naglalaman ng kaniyang paglalakbay sa China at naglalarawan sa kasaganaan at kayamanan ng Asya. Nang mabasa ito ng mga hari at reyna ay naakit at namangha sila sa kwento ng aklat ni Marco Polo. Ito ay mabilis na kumalat sa Europa na naging daan upang magpadala sila ng ekspedisyon sa Asya.

**Ang Paghahanap ng Spices-** Mula noong ika-13 siglo ay naging depende na ang Europa sa *spices* na matatagpuan sa Asya lalong lalo na sa India. Ang ilan sa mga spices na may malaking demand para sa mga Europeo ay ang paminta, *cinnamon,* at *nutmeg.* Ang spices ay ginagamit nila bilang pampalasa sa kanilang mga pagkain at upang mapreserba ang mga karne. Ginagamit din nila ito para sa kanilang mga pabango, kosmetiks at medisina.

Ang kalakalan ng *spices* sa Europa at Asya ay kontrolado ng mga Muslim at ng mga taga-Venice, Italy. Ang mga mangangalakal na Tsino at Indian ay nagbibili ng spices sa mga mangangalakal na Arabe na siyang nagdadala ng mga panindang ito sa mga mangangalakal na taga-Venice. Malaking kita ang inaakyat ng ganitong uri ng kalakalan sa mga mangangalakal na Arabe at Venetian. Dahil sa pagmomonopolyo sa kalakalang ito ay naghangad ang mga Europeong mangangalakal na direktang magkaroon ng kalakalan sa Asya ng mga spices na kailangan nila. Ang panlupang kalakalan ay di na garantisadong protektado dahil sa mga pananambang na ginagawa ng mga Mongol kaya mas minabuti ng mga Europeo na gamitin ang katubigan.

**Pag-unlad ng Teknolohiya-** Sa panggagalugad sa malawak na karagatan, ang mga manlalayag ay kinakailangang may sapat na kasanayan sa nabigasyon, mapa na may tamang impormasyon, at matitibay na sasakyang pandagat upang makahanap ng ruta patungong Asya. Tinahak ng mga sinaunang manlalayag ang paligid ng dagat na malapit sa lupain upang madaling malaman ang kanilang kinaroroonan na kalaunan ay ginamit na pagtukoy ng direksyon. Noong ika-11 siglo, pinagbuti ng mga Arabe ang paggamit ng *astrolabe* sa paglalayag. Ginamit nila ito upang malaman ang altitude ng araw at iba pang bagay sa kalawakan.

Umunlad ang kasanayan sa paggawa ng mapa. Kartograper ang tawag sa taong gumagawa ng mapa. Lalo pang napagbuti ang pagiging tumpak ng mga mapa sa tulong ng isang astronomong Egyptian na si Ptolemy na nabuhay sa panahon ng Renaissance.

Pinagbuti rin ang paggawa ng mga sasakyang pandagat. Sa huling bahagi ng ika-14 na siglo, ang mga nagawang barko ay may kakayahang salubungin ang malakas na hangin sa karagatan gamit ang mga nakakabit na layag. Nakatulong ang maliliit na layag ng barko upang mapadali ang pagmani-obra sa mga delikadong lugar at mapabilis ang takbo nito. Noong ika-14 na siglo, ang mga sasakyang pandagat ng mga manlalayag na Europeo ay tinawag na *caravel.* Ang *caravel* ay may taas na 65 talampakan o 20 metro na may kakayahang maglulan ng kargong may bigat na 130 tonelada.

**Eksplorasyon ng Portugal at Spain-** Dalawang bansa sa Europa ang nagpasimula ng paglalayag at pagtuklas ng mga bagong lupain—ang Portugal at Spain. Nanguna ang Portugal sa mga bansang Europeo dahil kay Prinsipe Henry *the Navigator* na naging inspirasyon ng mga manlalayag sa kaniyang panahon. Siya ang nag-anyaya sa mga dalubhasang mandaragat na magturo ng tamang

paraan ng paglalayag sa mga tao. Sukdulan ang kaniyang pangarap na makatuklas ng mga bagong lupain para sa karangalan ng Diyos at Portugal.

Limitado lamang sa Spain at Portugal ang paglalayag ng mga Europeo noong ika-16 na siglo. Ito ang panahon kung saan naitatag ang unang pinakamalaking imperyo ng mga Europeo. Ang mga imperyong ito ang nagpasimula ng mga dakilang pagtuklas ng mga lupain. Sa panig ng mga Español, nagsimula ito noong 1469 nang magpakasal si Isabella kay Ferdinand ng Aragon. Naging daan ito upang ang Espanya ay maghangad din ng mga kayamanan sa Silangan. Ang pinagsanib na lakas ng kanilang kaharian ay naging dahilan sa pagpapadala nila ng mga ekspedisyon sa Silangan, na ang una ay pinamunuan ni Christopher Columbus, isang Italyanong manlalayag. Noong 1492 ay tinulungan siya ni Reyna Isabella na ilunsad ang kaniyang unang ekspedisyon na ang kaniyang adhikain ay makarating sa India na ang gagamiting daanan ay ang pakanluran ng Atlantiko.

Dahil sa lumalalang paligsahan ng pagpapadala ng mga ekspedisyon ng Portugal at Spain ay humingi sila ng tulong sa Papa sa Rome upang mamagitan sa kanilang mga paglalabanan. Noong 1493 ay gumuhit ng *line of demarcation* ang Papa, isang di nakikitang linya mula sa gitna ng Atlantiko tungo sa Hilagang Pola hanggang sa Timugang Pola. Ipinaliliwanag nito na lahat ng mga matatagpuang kalupaan at katubigan sa Kanlurang bahagi ng linya ay para sa Spain at sa Silangang bahagi ng linya ay para naman sa Portugal.

## Eksplorasyon ng Portugal sa Silangan

Si Prinsipe Henry ay naging inspirasyon ng mga eksplorasyong Europeo. Siya ay anak ng isang haring Portuguese. Nagsimula ang kanyang layuning manggalugad nang sumama siyang makipaglaban sa mga Muslim sa Aprika noong 1415. Namalas niya sa Aprika ang kayamanang di matatagpuan sa Europa. Dito niya nakilala at natikman ang mga pampalasang tulad ng paminta, bawang at luya. Namangha rin siya sa ginto, pilak at magagandang bato ng iba't ibang alahas.

Sa pagbabalik sa Europa, napagpasiyahan ni Prinsipe Henry na kailangan niyang matuklasan ang tunay na pinagmulan ng mga bagay na ito sa Asya. Upang matupad ang kaniyang hangarin, siya ay nagtatag ng paaralan para sa eksplorasyon noong 1419. Tinipon niya sa paaralang ito ang mga batikang siyentipiko, tagagawa ng bapor, tagaguhit ng mapa, gayundin ang mga kapitan ng bapor upang mapaghandaan ang mga panggagalugad at pagtuklas ng ruta patungong Silangan.

Ang Portugal ang kauna-unahang bansang nagpasimula ng panggagalugad sa daigdig. Noong taong 1460, bago mamatay si Prinsipe Henry, ang mga Portuguese ay nagsimulang magtatag ng kanilang daungang pangkalakalan sa baybay-dagat ng kontinenteng Aprika at ipinagpatuloy ang paglalakbay sa Silangan. Sinimulang itatag ng Portugal ang kanilang kalakalang daungan sa baybay-dagat ng Aprika.

Noong 1488, ang nabigador na si Bartolomeu Dias ay lumibot sa dulo ng Aprika. Dahil sa malakas na bagyo, napadpad siya sa isang lugar na tinawag niya na "Cape of Storms". Ang tagumpay ni Dias ay nagbigay-pahiwatig na talagang may daan tungo sa Silangan. Ang balitang ito ay masayang ibinalita niya sa hari ng Portugal at ang "Cape of Storms" ay pinalitan ng "Cape of Good Hope."

Ginalugad ni Dias ang timog-silangang baybay-dagat ng Aprika at sinubukang makarating sa India, ngunit sanhi ng kapaguran at pagkaubos ng suplay ng pagkain minabuti na lang niyang bumalik sa Portugal. Ang paglalakbay ni Dias ay biyaya sa Portugal. Nakabuo ang Portugal ng mahalagang kalakalan sa Aprika. At ang pinakamahalagang tagumpay na natamo nila ay ang marating ni Vasco da Gama ang kanlurang baybayin ng India noong 1498. Nagawa ni Vasco da Gama na makuha ang kalakalan ng cinnamon at paminta.

## Sinundan ng Espanya ang Paggagalugad

Habang naggagalugad ang Portugal sa mga bayabayin ng Aprika sa pagha- hanap ng bagong ruta pasilangan, si Christopher Columbus na isang kapitan naman ay abalang-abala sa paghahanap ng ebidensiya na isang ruta patungong India ay maaaring marating sa pamamagitan ng paglalakbay pakanluran. Dala-dala ang mga mapa, naglakbay si Columbus patungong Espanya at Portugal upang kumbensihin ang mga hari ng Portugal na gastusan ang kanyang paglalakbay. Nang hindi siya binigyan ng suporta ni Haring John II ng Portugal, humingi siya ng tulong kay Isabella I ng Espanya. Siya ay hindi nakakuha ng suporta, ngunit pagdating noong 1492 pumayag na ring magbigay ng tulong para sa ekspedisyon niya si Ferdinand V. Nagkaroon ng apat na paglalakbay si Columbus sa tinaguriang "New World", gamit ang tatlo niyang barko, ang Nina, Pinta at Santa Maria. Nagtagumpay si Columbus nang maabot niya ang mga lugar na ngayon ay Dominica, Antigua, Venezuela, at Panama.

Ang eksplorer na si Amerigo Vespucci, isang Italyano na nabuhay sa panahon ni Columbus, ay nagsagawa ng ekspedisyon sa Timog Amerika noong 1499-1502. Sa kaniya ipinangalan ang Amerika at sa kanya ring paglalakbay napatunayan na ang New World ni Columbus ay isang bagong kontinente na hindi bahagi ng Asya.

Isa sa mga taong nakaalam na ang lupaing nadiskubre ni Columbus ay hindi ang Silangan ay si Amerigo Vespucci. Bagama't pinagdudahan ng marami ang kanyang paglalakbay sa Bagong Daigdig (New World), ginamit ang kanyang pangalan upang matatakan ang bagong kontinente. Hindi nabigyan ng papuri si Columbus ng bansang Espanya sa kanyang natuklasang lupain, pinahalagahan naman siya ng kasaysayan sapagkat binuksan ni Columbus ang dominasyon ng Europa sa malawak na lupain.

Naging mahigpit na magkalaban ang Espanya at Portugal. Hindi nagtagal, nagkaroon sila ng alitan dahil sa kanilang inangking lupain. Tatlong dikreto noon ang nagbigay ng monopolyo sa Portugal sa eksplorasyon at kalakalan sa Aprika. Noong 1493, hiniling ng Espanya sa Papa na bigyan sila ng karapatan na tumuklas ng mga lupain sa ibayo ng Dagat Atlantiko. Isang dikreto ang ipinalabas ng Papa na nagsasaad na lahat ng mga bagong tuklas na lupain sa silangan ng imahinasyong guhit na nasa 250 milya ng Azores, isang bansa na matatagpuan sa Timog-Kanlurang Europa sa tangway ng Iberya ay mapupunta sa Espanya. Tumanggi ang Portugal sa dikretong ito kung kaya ang mga kinatawan ng dalawang bansa ay nagpulong noong 1494 at bumuo ng panibagong kasunduan na tinawag na Kasunduang Tordesillas, na kung saan ang imahinasyong guhit ay inilipat ng 700 na milya pakanluran.

## Epekto ng Unang Yugto ng Kolonisasyon

Maraming mahahalagang epekto ang unang yugto ng kolonisasyon. Ito ay ang mga sumusunod:

1. Ang mga eksplorasyon na pinangunahan ng mga Español at Portuguese ang nagbigay-daan sa malawakang pagkakatuklas sa mga lupaing hindi pa nagagalugad at mga sibilisasyong hindi pa natutuklasan. Ito rin ang nagpalakas ng ugnayan ng Silangan at Kanluran.
2. Nakapukaw rin ng interes sa mga bagong pamamaraan at teknolohiya sa heograpiya at paglalayag ang mga eksplorasyon.
3. Sumigla ang paglaganap ng sibilisasyong Kanluranin sa Silangan dahil sa kolonisasyon.
4. Nagdulot ng maraming suliranin ang kolonisasyon sa mga bansang sakop tulad ng pagkawala ng kasarinlan, paninikil ng mananakop at pagsasamantala sa likas na yaman ng mga bansang ito.
5. Nagkaroon ng pagbabago sa *ecosystem* sa daigdig na nagresulta sa pagpapalitan ng hayop, halaman, at sakit sa pagitan ng Old World at New World.



# *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Gawain 1: Maalaala Mo Kaya?**

Panuto: Tukuyin ang konsepto, personalidad, o pangyayaring hinihingi sa bawat bilang. Ang initial letter ay ibinigay bilang iyong gabay. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

P______ at S_______ 1. Dalawang bansa sa Europe na nagpasimula ng paglalayag at pagtuklas ng mga bagong lupain.

M_________________ 2. Manlalakbay na taga-Venice na nagtungo sa China noong ika-13 siglo; ang aklat na naglalaman ng kanyang kwento sa kaniyang paglalakbay sa Asya ang kumintal sa interes ng mga Europeo na makarating sa Asya.

A__________________ 3. Instrumentong panlayag na ginamit ng mga Europeo upang matukoy ang altitude ng araw at iba pang bagay sa kalawakan. H______ the N______ 4. Prinsipe ng Portugal na naging inspirasyon ng mga man lalayag sa kaniyang panahon.

A__________________ 5. Ang kontinete na inilalarawan sa aklat na The Travels of Marco Polo bilang isang masagana at mayamang lugar.

L_______ of D_______6. Isang di nakikitang linya mula sa gitna ng Atlantiko tungo sa Hilagang Pola hanggang sa Timugang Pola. Ipinaliliwanag nito na lahat ng mga matatagpuang kalupaan at katubigan sa Kanlurang bahagi ng linya ay para sa Spain at sa Silangang bahagi ng linya ay para naman sa Portugal.

K__________________ 7. Isang proseso kung saan ang isang malakas at makapangyari-hang bansa ay kinokontrol ang isang mahinang bansa o lupain na karaniwan ay isinasagawa sa pamamagitan ng marahas na pananakop.

I__________________8. Isang proseso kung saan ang pananakop ng lupain ay batay sa layuning makapagtatag ng isang malawak na imperyo.

T___T____of M______9. Pamagat ng aklat na naglalaman ng mga kuwento ni Marco Polo tungkol sa kanyang paglalakbay sa Asya.

A__________________10. Sila ang nagdadala ng mga panindang pampalasa sa mga mangangalakal na taga-Venice.

**Gawain 2: Totoo o Hindi?**

Panuto: Sabihin kung totoo o hindi ang mga pahayag sa bawat bilang. Isulat ang **T** kung totoo at **H** kung hindi totoo sa inyong sagutang papel.

___1. Ang mga bagong tuklas na teknolohiya ay nakatulong sa paggagalugad at pananakop ng mga Europeo.
___2. Malaking bahagi ang papel na ginampanan ng mga kartograpo o mga taggagawa ng wastong mapa sa paglalakbay.
___3. Kontrolado ng mga Muslim at mga negosyanteng Italyano ang kalakalan sa pagitan ng Europa at Asya.
___4. Dinadala ng mga Muslim ang mga rekado at iba pang mahahalagang produkto ng Asya sa mga daungan sa Ehipto, Syria, at Turkey.
___5. Ang Portugal at Espanya ay hindi naghanap ng bagong ruta upang marating ang Asya.
___6. Ang mga manlalayag na Portuges at Espanyol ay daraan sa Dagat Mediterranean.

___7. Sa Panahon ng Repormasyon, maraming misyonero at sundalo ang ipinadala upang binyagan ang mga tao sa Kristiyanismo.

___8. Ang paghahangad na marating ang malayong bahagi ng mundo ay masasalamin sa tatlong kataga: "kaluwalhatian, kabanalan, at kayamanan."

___9. Si Prinsipe Henry ay naging inspirasyon ng mga eksplorasyong Europeo.

___10. Si Prinsipe Henry ay anak ng isang haring Amerikano.

**Gawain 3: Punan Mo Ako!**

Panuto: Punan ang hinihinging impormasyon sa talahanayan tungkol sa mga dahilan, pangyayari at epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalismo. Isulat ang iyong sagot sa sagutang papel.

<table>
<tr><th>Mga Dahilan</th><th>Mahahalagang Pangyayari</th><th>Mga Epekto</th></tr>
<tr><td rowspan="2">1.</td><td>1.</td><td>1.</td></tr>
<tr><td>2.</td><td>2.</td></tr>
<tr><td rowspan="2">2.</td><td rowspan="2">3.</td><td>3.</td></tr>
<tr><td>4.</td></tr>
<tr><td>3.</td><td>4.</td><td>5.</td></tr>
</table>

**Gawain 4: Tiyakin**

Panuto: Kopyahin sa sagutang papel ang tsart. Punan ang mga kolum nito ng mga datos na kailangan.

| Eksplorers | Bansang Pinagsilbihan | Lupain na natuklasan/Inangkin | Kahalagahan |
|---|---|---|---|
| Amerigo Vespucci | | | |
| Bartolomeu Dias | | | |
| Christopher Columbus | | | |
| Prinsipe Henry | | | |
| Vasco da Gama | | | |

**Batayan sa Pagmamarka/Rubrik para sa Konseptong Natutunan:**

| Pamantayan | Napakahusay (5) | Mas Mahusay (4) | Mahusay (3) | Nangangailangan ng Pag-papabuti (2) | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Nilala-man | Naaglalaman ng komprehensibo, tama at kalidad na mga ideya at impormasyon | Naglalaman ng tama at kalidad na mga ideya at impormasyon | Naglalaman ng mga tamang ideya at impormasyon | Kulang ang ipinakitang ideya at impormasyon | |
| Organisasyon | Detalyado, ma ayos at mada-ling maintindihan ang pagsasalaysay ng ideya | Maayos a madaling maintindhan ang pasalaysay na ideya | Madaling maintindihan ang pasalaysay na ideya | Hindi gaanong maintindihan ang pasalaysay na ideya | |
| | | | | Kabu | |

**Gawain 5: Mabuti o Masama?**

Panuto: Lagyan ng tsek ang kolum na **Nakabuti** kung sa palagay mo ang nakasaad na epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalismo ay nakabubuti at tsek sa kolum na **Nakasama** kung ito ay hindi nakabubuti. Isulat naman ang ang iyong paliwanag sa kolum na **Dahilan**. Gawin ito sa iyong sagutang papel.

| Epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalismo | Nakabuti | Nakasama | Dahilan |
|---|---|---|---|
| 1. Paglakas ng ugnayan ng Silangan at Kanluran. | | | |
| 2. Paglaganap ng sibilisasyong Kanluranin sa Silangan. | | | |
| 3. Pagbabago ng *ecosystem* ng daigdig bunga ng pagpapalitan ng hayop, halaman, at sakit. | | | |
| 4. Paglinang ng mga Kanluranin sa likas na yaman ng mga bansang nasakop. | | | |
| 5. Interes sa mga bagong pamaraan at teknolohiya sa heograpiya at paglalayag. | | | |

**Gawain 6: Iguhit Mo!**

Panuto: Sa pamamagitan ng paggawa ng poster, paghambingin ang pamamaraan ng paglalayag sa panahon ngayon at sa panahon ng Unang Yugto ng Kolonyalismo. Iguhit ito sa isang long bond paper. Gawing gabay sa pagguhit ang batayan sa pagmamarka na nasa ibaba.

**Batayan sa Pagmamarka/Rubrik para sa Gawain 4: Iguhit Mo!**

| Pamantayan | Napakahusay (10) | Mas Mahusay (8) | Mahusay (6) | Nangangailangan ng Pagpapabuti (4) | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Nilalaman | Naglalaman ng komprehensibo, tama at kalidad na mga ideya at impormasyon | Naglalaman ng tama at kalidad na mga ideya at impormasyon | Naglalaman ng mga tamang ideya at impormasyon | Kulang ang ipinakitang ideya at impormasyon | |
| Pagkama-likhain | Napakaganda at malinaw ang pagkaguhit | Maganda at ma-linaw ang pagkaguhit | Maganda and pagkaguhit | Hindi malinaw ang pagkaguhit | |
| | | | | Kabuuan: | |

**Gawain 7: Konseptong Natutunan.**

Sa iyong palagay, paano nagbunga ng positibong epekto ang Unang Yugto ng Kolonyalismo sa kalagayan ng mundo?

**Rubrik Para sa Konseptong Natutunan:**

| Pamantayan | Napakahusay (5) | Mas Mahusay (4) | Mahusay (3) | Nangangailangan ng Pagpapabuti (2) | Puntos |
|---|---|---|---|---|---|
| Nilala-man | Naglalaman ng komprehensibo, tama at kalidad na mga ideya at impormasyon | Naglalaman ng tama at kalidad na mga ideya at impormasyon | Naglalaman ng mga tamang ideya at impormasyon | Kulang ang ipinakitang ideya at impormasyon | |
| Organisasyon | Detalyado, maayos at madaling maintindihan ang pagsasalaysay ng ideya | Maayos at madaling maintindhan ang pasalay-say na ideya | Madaling maintindihan ang pasalaysay na ideya | Hindi gaanong maintindihan ang pasalaysay na ideya | |
| | | | | Kabuuan | |



# *Panapos na Pagtataya*

**Panuto:** Piliin ang tamang sagot sa mga pagpipilian. Isulat ang titik ng iyong sagot sa sagutang papel.

1. Ang Krusada na nakarating hanggang sa Silangan ay nakaganyak ng malaking pangangailangan sa mga kalakal. Alin sa mga sumusunod ang hindi nabanggit na kalakal nang panahong iyon?
   A. bulak B. perlas C. rekado D. seda
2. Sa kanyang panggagalugad, saang lugar namalas ni Prinsipe Henry ang kayamanang di matatagpuan sa Europa?
   A. Aprika B. Asya C. Hilagang Amerika D. Timog Amerika
3. Kailan nagsimula sa kanyang layuning manggalugad si Prinsipe Henry?
   A. 1415 B. 1416 C. 1417 D. 1418
4. Ano ang kauna-unahang bansang nagpasimula ng panggagalugad sa daigdig?
   A. Amerika B. Espanya C. Italya D. Portugal
5. Sino ang nabigador na napadpad sa isang lugar na tinawag niya na “Cape of Storms”?
   A. Bartolomeu Dias C. Prinsipe Henry
   B. Christopher Columbus D. Vasco da Gama
6. Ano ang pinakamahalagang tagumpay na nakamit ni Vasco da Gama?
   A. Noong may ibinalita siya sa hari
   B. Noong narating niya ang *Cape of Storms*
   C. Noong nakuha niya ang kalakalan ng cinnamon at paminta
   D. Noong napadpad siya sa isang magandang lugar dahil sa bagyo
7. Nang hindi si Christopher Columbus binigyan ng suporta ni Haring John II ng Portugal, kanino siya humingi ng tulong?
   A. Kay Prinsipe Henry C. Sa hari ng Portugal
   B. Sa hari ng Espanya D. Kay Isabella I ng Espanya
8. Alin sa mga sumusunod ang hindi epekto ng Unang Yugto ng Kolonyalisasyon?
   A. Lumakas ang Kristiyanismo.
   B. Lumakas ang ugnayan ng Silangan at Kanluran.
   C. Lumakas ang mga kalakal na bigas, prutas at gulay.
   D. Binigyang diin ang malawakang pagkatuklas ng mga lupain na hindi pa nararating at nagagalugad ng paglalakbay ng mga Kastila at Portuges.
9. Alin sa nakalista sa ibaba ang hindi suliranin sa mga bansang kolonya noon?
   A. Pagkakalakal ng mga alipin
   B. Pagkawala ng kasarinlan
   C. Paninikil ng mga mananakop
   D. Pagsasamantala sa mga likas na yaman ng mga bansang sakop.
10. Alin sa mga sumusunod na epekto ng kolonyalisasyon ang nangyayari pa hanggang ngayon?
    A. Ginawang kolonya ang nagalugad na lugar sa Asya, Aprika at Amerika.
    B. Ang taglay na yaman ng mga bansang nakapagtatag ng sentro ng kalakalan
    C. Naging sentro ng kapangyarihan ang Europa dahil sila ang nangasiwa at kumita sa pandaigdigang kalakalan noon.
    D. Sa pakikipagkalakalan sa daigdig nabuksan ang pandaigdigang palitan ng tao, produkto, teknolohiya, mga ideya, at maging mga sakit.

**Susi sa Pagwawasto**

Panapos na pagtataya
Tukuyin ang Tama

1. B
2. A
3. A
4. D
5. A
6. C
7. D
8. C
9. A
10. D

Gawain 2:
Totoo o Hindi

1. T
2. T
3. T
4. T
5. H
6. H
7. T
8. T
9. T
10. H

**Para sa Gawain 6: Iguhit**

Malayang Pagpapahayag ng Ideya

**Gawain 1: Maalaala Mo**

1. Portugal at Spain
2. Marco
3. Astrolabe
4. Henry the Navigator
5. Asy
6. Line of Demarcation
7. Kolonyalism
8. Imperyalismo
9. The Travels of Marco Polo
10. Arab

Paunang pagtataya
Ayusin at Iwasto

1. EUROPA
2. ASYA
3. YAMAN
4. REKADO
5. EKSPLORASYON
6. NABIGADOR
7. TERITORYO
8. BLACK DEATH
9. BUWIS
10. KRUSADA

**Gawain Mabuti o Masama?**

Malayang Pagpapahayag ng Ideya

**Gawain Punan Mo**

Malayang Pagpapahayag ng Ideya

**Sanggunian:**

Blando, Rosemarie et al., *Kasaysayan ng Daigdig: Modyul ng Mag- aaral.* 1st ed.Pasig City: Department of Education-Bureau of Learning Resources (DepEd-BLR), 201

| Linggo 3 | **Nasusuri ang dahilan, kaganapan at epekto ng Rebolusyong Siyentipiko, Enlightenment at Industriyal** |
| --- | --- |

**Pagalan:** ________________________________ **Pangkat:** ___________________



## *Panimula*

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto (**Learning Activity Sheets – LAS**) ay disenyo at sinulat para sa batang katulad mo na nasa **ika-8** na baitang upang masuri ang dahilan, kaganapan at epekto ng Rebolusyong Siyentipiko,
Enlightenment at Industriya.

Ang mga gawaing matatagpuan dito ay inaasahang makatulong sa iyo upang mas madaling maunawaan ang daloy ng iyong pag-aaral.

Ang Pilyego ng mga Gawaing Pampagkatuto ay naglalaman tungkol sa:

**Aralin 2:** Nasusuri ang mga kaganapan at epekto ng Rebolusyong Siyentipiko, Enlightenment at Industriyal

Pagkatapos ng mga gawaing ito, inaasahang matutuhan ng mga mag-aaral ang mga sumusunod:

1. Naipaliliwanag ang mga salik na nagbigay-daan sa pag-usbong ng Rebolusyong Siyentipiko, Pangkaisipan, at Industriya
2. Natataya ang implikasyon ng ng Rebolusyong Siyentipiko, Pangkaisipan, at Industriya



# *Paunang Pagtataya*

**Panuto:** Basahing mabuti ang pangungusap at bilugan ang titik ng wastong sagot.

1. Nagdulot ang Rebolusyong Industriyal ng pag-unlad sa lipunan at ekonomiya ng Europe, kasabay ang suliraning idinulot nito. Alin sa mga sumusunod ang pinakamabigat na suliraning panlipunan at pang-ekonomiyang idinulot ng Rebolusyong Industriyal?
   A. Maraming bata ang napilitang magtrabaho.
   B. Naging dahilan ito ng hidwaang pampolitika.
   C. Maraming nawalan ng hanapbuhay at naging palaboy
   D. Dumagsa ang mga tao sa lungsod na mula sa mga probinsya

2. Sino ang pilosopong Ingles na nagpanukala na ang kaalaman ng isang tao ay nagmumula sa karanasan? Binigyang-diin niyang ang kaisipan ng tao ay maitutulad sa “tabula rasa” o *blank slate*.
   A. Jean-Jacques Rousseau
   B. John Adams
   C. John Locke
   D. Rene Descartes
3. Hindi naimbento ang agham sa panahon lamang ng Rebolusyong Siyentipiko.Sa halip, malaon na itong ginagamit ng mga Greek bilang ***Scientia*** na nangangahulugang, Ano?
   A. Kaalaman
   B. Kakayahan
   C. Kaliwanagan
   D. Kapangyarihan
4. Saan nagpasimula ang Polish na si Nicolaus Copernicus sa kaniyang propesyon siyentipiko?
   A. Sa Pamantasan ng Behm, England noong 1942
   B. Sa Pamantasan ng Behm, England noong 1492
   C. Sa Pamantasan ng Krakow, Poland noong 1492
   D. Sa Pamantasan ng Krakow, Poland noong 1483
5. Bakit naitatag ng mga iskolar sa bansang Europa ang kilusang intelektwal o Enlightenment?
   A. Dahil sa gusto ng mga iskolar na mas mapalago pa ang mga Europeo sa kanilang Intellektwal.
   B. Dahil sa gusto ng mga iskolar na maging tanyag sa kanilang mga pag aaral at pagsusulat ng mga aklat
   C. Dahil sa gusto ng mga iskolar na mas mapaunlad pa nila ang kanilang kaisipan at paniniwala na masasakop nila ang ibang karatig bansa.
   D. Dahil sa gusto ng mga iskolar na maiahon ang mga Europeo mula sa mahabang panahon ng kawalan ng katuwiran at pamamayani ng pamahiin at bulag na paniniwala noong Middle Ages.

**Panuto:** Para sa bilang 5-5 suriin at tukuyin kung sino ang mga sumusunod na mga larawan na may kinalaman sa mga Rebolusyong Siyentipiko . Piliin sa kahon ang tamang sagot at isulat sa iyong sagutang papel.

| | | |
|---|---|---|
| Thomas Hobbes | Alexander Graham Bell | Galileo Galilei |
| Baron de Montesquieu | John Locke | Thomas Alva Edison |
| Romulus at Remus | Johannes Kepler | Nicholas Copernicus |

6




7



8




9



10





# *Pag-aralan*

**Ang Rebolusyong Siyentipiko**

Hindi naimbento ang agham sa panahon lamang ng Rebolusyong Siyentipiko. Sa halip, malaon na itong ginagamit ng mga Greek bilang *Scientia* na nangangahulugang "kaalaman". Subalit wala pang konsepto ng agham bilang isang disiplina at hindi tinatawag ang sarili bilang siyentista. Noong ika-15 siglo, ang pag unawa ng mga Europeo tungkol sa mundo at sansinukob ay batay sa mga aral ng mga Kristyano at pilisopiya ni Aristotle. Naging tulong ang panahon ng katuwiran (*age of reason*) upang magkaroon ng bagong liwanag ang mga tradisyunal na ideya at bigyan ng bagong paglalarawan at redepinisyon ng lipunan. **Halaw mula sa: Kasaysayan ng Daigdig nina Teofista L. Vivar et'al p. 189**

Ang Polish na si **Nicolaus Copernicus** ay nagpasimula ng kaniyang propesyong siyentipiko sa Pamantasan ng Krakow, Poland noong 1492. Kaalinsabay nito ang panahon ng pagkakatuklas ni Christopher Columbus sa Amerika. Sa panahong ito ay nagpasimula na si Copernicus ng mga pagtatanong tungkol sa pangunahing paniniwala at tradisyon ng mga tao. Binigyang diin niya na ang mundo ay bilog taliwas sa naunang paniniwala na ito ay patag at kapag narating ng isang manlalakbay ang dulo nito ay posible siyang mahulog. Isa pa sa kaniyang inilahad ay ukol sa pag-ikot ng mundo sa sarili nitong aksis habang ito'y umiikot sa araw. Idinagdag pa niya na ang araw ang nasa sentro ng Sansinukuban na taliwas sa itinuturo ng Simbahan na ang mundo ang sentro ng Sansinukuban. Ang teoryang ito ay nakilala sa katawagang **Teoryang Heliocentric.** (**Halaw mula sa: Ease Modyul 13)**

Si **Johannes Kepler**, isang Aleman na *astronomer*, *natural scientist* at mahusay na matematisyan ang nagbuo ng isang pormula sa pamamagitan ng matematika tungkol sa posibleng pag-ikot sa isang paribilog ng mga planeta sa araw na di gumagalaw sa gitna ng kalawakan. Ito' y tinawag nyang *Ellipse.*Dinagdag pa niya na ang mga planeta ay di pare-pareho sa bilis sa kanilang pag galaw ngunit mabilis ang kanilang paggalaw kung papalapit sa araw at mabagal kung ito'y papalayo.

# Mga Bagong Teorya Ukol sa Sansinukuban (*Universe*)

Taong 1609 nang nabuo ni Galileo ang kaniyang imbensiyong teleskopyo at naging dahilan ng kaniyang pagdidiskubre sa kalawakan. Ang kaniyang pagtanggap sa teoryang itinuro ni Copernicus ay ginamit na dahilan upang siya'y mapailalim sa isang imbestigasyon ng mga pinuno ng Simbahan.

**Halaw mula sa: Ease Modyul 13**

**Ang Panahon ng Enlightenment**

Marami ang nagmungkahi na gamitin ang pamamaraan upang mapaunlad ang buhay ng tao sa larangan ng pangkabuhayan, pampolitika, panrelihiyon, at maging sa edukasyon. Tinawag itong Panahon ng Kaliwanagan (Enlightenment). Ang Enlightenment ay binubuo ng mga iskolar na nagtangkang iahon ang mga Europeo mula sa mahabang panahon ng kawalan ng katuwiran at pamamayani ng pamahiin at bulag na paniniwala noong Middle Ages. Ang ambag ng mga intelektuwal na ito ang nagsilbing pundasyon ng mga modernong ideyang may kinalaman sa pamahalaan, edukasyon, demokrasya, at maging sa sining. Ang mga intelektuwal na ito ay nakilala bilang mga *philosopher* o pangkat ng mga intelektuwal na humikayat sa paggamit ng katuwiran, kaalaman, at edukasyon sa pagsugpo sa pamahiin at kamangmangan.

**Halaw mula sa: Kasaysayan ng Daigdig nina Grace Estela C. Mateo et'al p. 254**

**Ang Pagpapaliwanag ni Hobbes tungkol sa Pamahalaan**

Ginamit ni Thomas Hobbes ang ideya ng natural law upang isulong ang paniniwala na ang absolutong monarkiya ang pinakamahusay na uri ng pamahalaan. Pinaniniwalaan niya na ang pagkakaroon ng kaguluhan ay likas sa tao kaya dahil ditto ay kailangan ng absolutong pinuno upang supilin ang ganitong mga pangyayari. Sa kaniyang pagpapalimbag ng isinulat niyang aklat Leviathan noong 1651 ay inilarawan niya ang isang lipunan na walang pinuno at ang posibleng maging dieksiyon nito tungo sa magulong lipunan.Dahil sa kasunduang ito, pangangalagaan at poprotektahan ng pinuno ang kanyang nasasakupan. Di na bibigyan pa ng karapatang magrebelde ang mga tao, kahit pa hindi makatwiran ang pamamalakad.

**Pagpapahayag ng Bagong Pananaw ni Locke**

Isa pa sa kinilalang pilosopo sa England ay si John Locke na may parehong paniniwala gaya ni Hobbes na kinakailangang magkaroon ng kasunduan sa pagitan ng mga tao at ng kanilang pinuno. Nguni't naiiba siya sa paniniwala na ang tao sa kaniyang natural na kalikasan ay may karapatang mangatuwiran, may mataas na moral at mayroong mga natural na karapatan ukol sa buhay, kalayaan at pag-aari. Ang kaniyang mga ideya ay isinulat niya noong 1689 sa pamamagitan ng lathalaing *Two Treatises of Government*. Ang kaniyang sulatin ay naging popular at nakaimpluwensiya sa kabuuan ng Europe at maging sa kolonya ng England, ang Kolonyang Amerikano. Ang ideya niya ang naging basehan ng mga Amerikano na lumaya sa pamumuno ng Great Britain.

Isa pa sa kinilalang pilosopo sa larangan ng politika ay ang Pranses na si Baron de Montesquieu na naniniwala sa ideya ng paghahati ng kapangyarihan sa isang pamahalaan. Hinati niya sa tatlong sangay ang pamahalaan: ang lehislatura na pangunahing gawain ay ang pagbubuo ng mga batas; ang ehekutibo na nagpapatupad ng batas at ang hukuman na tumatayong tagahatol. Si Voltaire o Francois Marie Arouet,sa tunay na buhay at isa ring Pranses ay nagsulat ng ilang mga lathalain laban sa Simbahan at Korteng Royal ng France. Ito ang naging dahilan ng kaniyang dalawang beses na pagkakabilanggo at nanglumaon siya ay napatapon sa Inglatera. Pinagpatuloy niya ang pagsusulat dito at patuloy niyang binigyan ng pagpapahalaga ang pilosopiya ni Francis Bacon at siyensiya ni **Isaac Newton.**

**ANG PAGSISIMULA NG REBOLUSYONG INDUSTRIYAL**




Ang Great Britain ang nagpasimula dahil sa pagkakaroon nito ng maraming uling at iron na nagging pangunahing gamit sa pagpapatakbo ng mga makinarya at pabrika. Lumaganap ang kaniyang pakikipagkalakalan at ito ay naging dahilan ng pagiging matatag ng kaniyang kalakalan.

Taong 1973 nang maimbento ng isang Amerikanong nangangalagang Eli Whitney ang *Cotton gin*.Ito ay nakatulong para maging madali ang paghihiwalay ng buto at iba pang mga materyal sa bulak na dati ay halos ginagawa ng 50 manggagawa bago

Noong taong 1760 ay pinasimulan ang pagbabago sa pagprodyus ng tela sa Great Britain. Dati sa ilalim ng sistemang domestiko (domestic system) ang trabaho sa pagproprodyus ng tela ay ginagawa sa mga tahanan. Ang namumuhunang mangangalakal ay hinahati-hati ang trabaho sa mga pamilya sa kanilang lugar hanggang sa makabuo ng isang tapos na produkto na kaniya namang pinagbibili at pinatutubuan.


Dahil sa pag-iimbento ng maraming makinarya nagging madali ang pagprodyus ng mga tela at mura na itong bilhin ng mga tao.Halimbawa ang makinang *spinning jenny* ay nagpabilis sa paglalagay ng mga sinulid sa bukilya nang mabilis at sa maraming sisidlan.

## Ang Paglago at Paglaki ng Rebolusyong Industriyal

Ang pagkakaimbento sa *steam engine* ay naging daan para maragdagan ang suplay ng enerhiya na magpapatakbo sa mga pabrika.Kaya mas marami pang sumunod na imbesiyon na ginawa ang tao na karaniwang gawa sa bakal gaya ng mga makinarya sa bukid, baril, sasakyang dumaraan sa mga riles. Naging kilala ang pangalan nina Alexander Graham Bell bilang imbentor ng unang telepono at ni Thomas Alva Edison na nagpakilala ng lakas ng elektrisidad upang nang lumaon ay makatulong para ang isang buong komunidad ay maliwanagan nito at patakbuhin pa ang mga makabago nilang kasangkapan. Si Samuel B. Morse naman ay pinakilala ang telegrapo na nakatulong para makapagpadala ng mga mensahe sa mga kakilala, kaibigan at kamag-anakan ng ibang lugar. Ang Newcomen steam engine at Watt steam engine na naimbento noong 1705 at 1760 na nakatulong sa pag-pump ng tubig na ginamit para makapagsuplay ng tubig na magbibigay ng enerhiyang *hydoelectric* na nagpatakbo ng mga makinarya sa mga pabrika.(**Halaw mula sa: Ease Modyul 13)**

## EPEKTO NG INDUSTRIYALISMO

Dumagsa sa lungsod ang mga taong taga-probinsya. Nagdulot ito ng pagdami ng tao sa lungsod at naging squatter. Sa kawalan ng hanapbuhay marami ang naging palaboy.. **Halaw mula sa : Kasaysayan ng Daigdig nina Teofista L. Vivar et'al p.189**



## *Mga Gawaing Pampagkatuto*

**Pangkalahatang Panuto: Gawin ang mga sumusunod na gawain.**

**Gawain 1. May Ginawa Ako! Ikaw Ba?**

**Panuto :** Sa tulong ng mga kaalamang nakuha mo sa mga tekstong binasa sa aralin, punan ng mahalagang impormasyon ang talahayan ng maglalaman ng mga nagging kontribusyon sa iba't ibang larangan ng mga personalidad. Sundan ang halimbawa upang malinaw na maisagawa ito.

| PERSONALIDAD | LARAWAN | LARANGAN | KONTRIBUSYON |
|---|---|---|---|
| **HALIMBAWA:**<br>**1.**GALILEO GALILEI |  | Astronomiya | Teleskopya |
| **2.** | | | |
| **3.** | | | |

**Pamprosesong tanong**

1. Paano nakatulong ang kanilang kontribusyon sa paglawak ng kapangyarihan ng Europe?

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

2. Bilang isang mag-aaral, paano mo mabigyang-halaga ang naging kontribusyon nila?


____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

## Gawain 2:

**Panuto:** Itala sa *Data Chart* ang mahahalagang kaalaman para sa mas malinaw na daloy ng impormasyon sa paksa.

| DAHILAN | KAGANAPAN | EPEKTO/KINALABASAN |
|---|---|---|
| | REBOLUSYONG SIYENTIPIKO | |
| | ENLIGHTENMENT | |
| | REBOLUSYONG INDUSTRIYAL | |



| EPEKTO SA PAGLAWAK NG KAPANGYARIHAN NG EUROPE |
|---|
| |

**Pamprosesong tanong**

1. Paano ipinakita sa collage ang naitulong ng mga pamanang iniwansa kabihasnan ng mga Rebolusyong naganap sa paglawak ng kapangyarihan ng Europe?

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________

2. Sa pang-araw-araw mong pamumuhay, paano nakatutulong sa iyo ang mga pamanang ito?

____________________________________________________________________________

____________________________________________________________________________



## *Paglalahat / Repleksyon*

**Gawain: PANUTO:** Punan ang sumusunod ng mga hinihinging kaalamang iyong natutunan tungkol sa dahilan, kaganapan at epekto ng Rebolusyong Siyentipiko, Enlightenment at Industriya.Isulat sa sagutang papel ang iyong sagot.

3 — 3 bagay na nakita ko

Natuklasan ko…
1. ____________________
2. ____________________
3. ____________________

2 — 2 interesadong bagay na natutunan ko

Natutunan ko ang…
1. ____________________
2. ____________________

1 — 1 bagay na nalilito ako

Kailangang matuto pa ako…
1. ____________________



## *Pan… os na Pagtataya*

**Pa…** …g pangungusap at bilugan ang titik ng wastong sagot.

1. Paano binago ng Rebo…syong Industriyal ang Agrikultura at Industriya sa Europe?
   A. Nagdulot ito nang hindi magandang epekto para sa pamumuhay ng mga tao dulot sa mga pagbabagong naganap.
   B. Nagkaroon ng Transpormasyon at napalitan ang gawaing manwal ng mga bagong imbentong makinarya.
   C. Nakapaglikha ng maraming manggagawa para sa produksiyon.
   D. Lahat ng nabanggit.
2. Bakit sa Great Britain nagsimula ang Rebolusyong Industriyal?
   A. Ang bansang ito ang nagpasimula dahil sa pagkakaroon nito ng maraming uling at iron na gagamitin sa pagpapatakbo ng makinarya
   B. Ang bansang ito ay nakapagprodyus ng toneladang bulak o cotton na gagamitin sa paggawa ng tela.
   C.Dito natuklasan ang malaking deposito ng ginto at nickel.
   D.Lahat ng nabanggit.
3. Alin sa mga imbensiyon ang ipinagmamalaki ni Alexander Graham Bell na napakinabangan ng buong mundo?
   A. Bombilya C. Telegrapo
   B. Steam engine D. Telepono
4. Ang Pagbabagong pang-ekonomiya na unang naranasan sa England na gumamit ng mga makinarya kaya nagkaroon ng mabilisang produksiyon. Alin ang tamang konsepto ang tinutukoy?
   A. Humanismo C. Laissez faire
   B. Industriyalisasyon D. Merkantilismo
5. Ano ang ginamit ni Thomas Hobbes na ideya upang isulong ang paniniwala na ang absolutong monarkiya ang pinakamahusay na uri ng pamahalaan?
   A. Law C. Natural law
   B. Law of Intellect D. Supernatural law

6.Ano ang naging sanhi o dulot sa pag dagsa ng mga tao sa lungsod na galing probinsya dahil sa Industriyalismo?

A. Nagdulot ito ng pagdami ng tao sa lungsod at naging squatter.
B. Nagdulot ito ng mapayapang lungsod at masaya.
C. Nagdulot ito ng kaguluhan sa lungsod
D. Wala sa nabanggit.

7.Sino ang nagbuo ng isang pormula sa pamamagitan ng matematika tungkol sa posibleng pag-ikot sa isang parabilog ng mga planeta sa araw na di gumagalaw sa gitna ng kalawakan?

A. Galileo Galilei
B. Johannes kepler
C. Thomas Hobbes
D. Voltaire o Francois Marie Arouet

8.Sino ang nagsulat ng ilang mga lathalain laban sa Simbahan at Korteng Royal ng France at ng lumaon siya ay napatapon sa Inglatera?

A. Galileo Galilei
B. Johannes kepler
C. Thomas Hobbes
D. Voltaire o Francois Marie Arouet

9. Sino ang sumulat sa aklat na Leviathan noong 1651?

A. Galileo Galilei
B. Johannes kepler
C. Thomas Hobbes
D. Voltaire o Francois Marie Arouet

10.Ano ang naimbento noong 1705 at 1706 na nakatulong sa pag-pump ng tubig na ginamit para makapagsuplay ng tubig na magbibigay ng enerhiyang hydroeletric na nagpatakbo ng mga makinarya sa mga pabrika?

A. Bombilya
B. Telepono
C. Newcomen steam engine at Telegrapo
D. Newcomen steam engine at Watt steam engine

## *Susi sa Pagwawasto*

**PAUNANG PAGTATAYA**
1). D
2). C
3). A
4). C
5). D
6). Thomas Hobbes
7) John Locke
8). Nicolaus Copernicus
9). Galileo Galilei
10) Johannes Kepler

**PANAPOS NA PAGTATAYA**
1). B
2). A
3). D
4). B
5). C
6). C
7). B
8). D
9). C
10). D

Notes:
- Para sa Gawain 1& 2, ang *subject teacher* na ang magbibigay ng kabuuang puntos para sa bawat aytem.
- Ang mga mag-aaral ay maaring gumamit ng ekstrang sagutang papel

## *Sanggunian*


**A. Books**
- ✓ Teofista L. Vivar et al, Kasaysayan ng Daigdig, SD Publications, Inc., G. Araneta Avenue 1107 Quezon City, Philippines
- ✓ Grace Estela C. Mateo, Ph.D, et.al, Kasaysayan ng Daigdig